

Mga Protocol Sa Hair Salon at Barbershop: Appendix I

Mga pagbabago 10/23/20:

- Binago para tanggalin ang restriksyon sa panloob na kapasidad. Mga kostomer ay pinagabawal na maghintay sa loob ng pasilidad. (Mga pagbabago ay may highlight na dilaw)

Ang mga tagubilin sa ibaba ay naangkop sa mga hair salon at barberya. Karagdagan pa dito ang mga kondisyon na ipinataw para sa mga hair salon at barbershop ng Gobernador, ang mga hair salon at mga barbershop ay dapat sumunod sa mga kondisyon na inilatag sa Protocol ng Hair Salon at Barberya. Ang protocol na ito ay dapat ma-implementa at ipaskil bago mag-operate ang negosyo.

Mga panloob na operasyon ay pinapayagang magpatuloy muli na may physical distancing ng anim na talampakan o mahigit pa sa pagitan ng mga indibidwal, maliban kung may serbisyon na isinasagawa. Mga kostomer ay pinagabawal na maghintay sa loob ng pasilidad. Mga panlabas na operasyon ay matinding hinihikayat sa abot ng kakayahang gawin.

Anumang serbisyo ng barberya o ng cosmetology na gagawin sa labas ay kailangan aprobahan ng licensing agency, ang California Board of Barbering at Cosmetology, at kailangan mag-operate ayon sa sa anumang utos ng California Department of Consumer Affairs, kasama na ang Guidance on Performing Personal Care Services Outdoors. Anumang mga personal care services na gagawin sa labas ay dapat sumunod sa mga tagubilin ng local permitting agency at local, county at/o mga regulasyon ng estado, kasama na ang mga naaangkop ng mga patnubay at mga direktibo ng California Department of Public Health, mga tagubilin ng paggamit ng mga lupaing lokal at mga tagubilin ng mga permit, mga tagubilin para sa aksesibilidad pang estado at pederal at batayan ng prebensyon sa mga karamdaman dahil sa kainitan ng Cal/OSHA's.

Dahil hindi sapat ang drainage at wastong pagtapon ng basura ang mga sumusunod na serbisyo ay pinagabawal gawin sa labas: lahat ng mga serbisyon kemikal pang buhok, permanent waving, relaxing, bleaching, tinting, coloring, dyeing at pag deretso ng buhok at pagshampoo.

Paki tala: Itong dokumentong ito ay ito ay maaaring mabago sa paglabas ng mga karagdagang impormasyon at resources kaya seguradohing palaging subaybayan ang Long Beach COVID-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 para sa anumang pagbabago sa dokumentong ito.

Sakop ng checklist na ito ang mga:

- (1) Mga patakaran at pagsasagawa sa lugar ng trabaho para maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para maseguro sa physical distancing
- (3) Mga hakbang para maseguro ang pagkontrola ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at sa publiko
- (5) Mga hakbang nang maseguro ang pantay-pantay na akses sa mga serbisyon kritikal

Ito ang limang importanteng mga bagay na kailangang matugunan habang nagbubuo ng mga protocol ng pagbubukas ang inyong facility.

Lahat ng mga negosyo ay kailangang magimplementa ng lahat ng mga angkop na

PARA IREPORT ANG PAGLABAG

TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O

EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa sa pagpapaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na di naimplementa ay di naaangkop.

| | |
|-------------------------|--|
| Pangalan ng Negosyo: | |
| Direksyon ng Pasilidad: | |

A. MGA PATAKARAN SA LUGAR NG TRABAHO AT MGA PAGSASAGAWA PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (LAGYAN NG CHECK LAHAT NG ANGKOP SA PASILIDAD):

- Lahat ng maaaring gawin ang kanilang trabaho mula sa bahay ay nautusan na gawin ito. Hindi ito naaangkop sa mga serbisyo na ayon batas na kailangan gawin sa lokasyon na may permiso.
- Mga bulnerableng mga tauhan (yung mga may idad lampas 65 at may mga pabalikbalik na kondisyong pangkalusugan) ay inatasan na maaaring gawin ang trabaho sa bahay kung kailanman posible, at kailangan pag-usapan ang kanilang mga agam-agam sa kanilang health care provider or occupational health services para makagawa ng angkop desisyon sa pagbabalik sa trabaho.
- Lahat ng empleyado (kasama na ang mga bayarang mga tauhan, docents, interns at mga boluntaryo; o kadalasang tinatawag na “mga empleyado”) ay nasabihan na huwag pumasok kung may sakit, o kung may nalapitang tao na may COVID-19. Naiintidihan ng mga empleyado na dapat sundin ang Long Beach Health Office Order para sa self-isolation at quarantine, kung na-angkop. Mga patakaran ng pag-leave sa trabaho ay pinag-aralan at binago nang masegurado na ang mga empleyado ay hindi mapaparusan kung sila ay mananatili sa bahay sa dahilan ng karamdaman.
 - May mga impormasyon sa sa mga ini-isponsor ng employer o gobyerno na leave para sa mga empleyado na maaari mas madaling kumita habang sila ay nasa bahay. Tignan ang mga karagdagan impormasyon sa mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa sick leave at worker’s compensation para sa COVID19 at ang karapatan ng trabahador sa mga compensation benefits at sa pagbalik trabaho kaugnay sa COVID-19 alinsunod sa Executive Order N-62-20 ng Gobernador.
- Ang pamamaraan ng pagtrabaho ay isinayaayos ng mapadami ang oportunidad na makapagtrabaho mula sa bahay ang mga empleyado.
- Kapag napag-alaman na isa o mahigit pa na empleyado ay nag-positibo, o may sintomas na kaparehas ng COVID-19 (kaso) ang employer ay may plano o protocol na isinalugar ng ma-isolate ang may kaso sa kanilang bahay at agad iutos ang pag self-quarantine ng lahat ng empleyado na lumapit sa may kaso. Ang plano ng employer ay maaaring mangailangan ng isang protocol para sa lahat ng empleyadong naka quarantine na makakuha ng test para sa COVID-19 para malaman kung may iba pang nahawa, na maaari pang mangailangan ng mga hakbang sap ag-kontrol nga COVID-19.
- Salinisinan o hindi sabay sabay ang mga skedyul na makapag physical distancing.
- Sinabihan ang mga empleyado na magpagamot kung lumala ang mga sintomas, kasama na ang pagsikip o pagsakit ng dibdib, pagkalito, o pangangasul ng labi at mukha.
- Pagcheck ng sintomas na isinasagawa bago dumating ang mga empleyado sa lugar ng trabaho. Kasama sa pagcheck ang pagsabi sa pagcheck-in kung may ubo, nahihirapan huminga, lagnat o iba pang sintomas na maaaring nararanasan ng empleyado, at kung ang empleyado ay may nalapitan na kilalang may COVID-19 sa loob ng huling 14 araw. Ang pag-check ay maaaring

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

gawin pag dating ng empleyado. Dapat din gawin ang mga pag-check ng temperature sa lugar ng trabaho, kung ito ay magagawa.

- Kung tatlo o mahigit na kaso ang matukoy sa trabaho sa loob ng 14 na araw kailangan ireport ito ng employer sa Long Beach Department of Health and Human Services 562-570-INFO.
- Lahat ng empleyado na walang kontak sa publiko o ibang mga empleyado sa kanilang shift ay aalukin, ng walang bayad, nang telang pantakip sa mukha. Ang takip ay isusuot sa ibabaw ng bibig at ilong sa lahat ng oras ng trabaho, pag malapit o lalapitan ng iba. Mga empleyado ay di kailangang mag suot ng takip kung magisa o nasa cubicle na may harang.
- Mga empleyadong may kontak sa iba ay bibigyan ng libre at angkop na pantakip para matakpan ang ilong at bibig. Ang takip ay dapat isuot ng empleyado sa lahat ng oras ng trabaho kung may kasamang malapit o lalapit sa iba. Mga empleyado na inutosan ng mga medical provider na di sila dapat magsuot ng takip sa mukha ay dapat magsuot ng face shield na may drape sa dulo, para sa pagsunod sa mga direktibo ng Estado, habang kaya ng kanilang kondisyon. Mga mask na may one-way valve ay di dapat gamitin. Di kailangan ng mask kung ang empleyado ay mag-isa sa opisina o cubicle na may harang na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo.
- May bigay na face shields at dapat itong suot ng mga trabahador pag-nagseserbisyo sa kostomer na nangangailangan tanggalin ang takip ng kostomer para sa serbisyonang personal. Suot ito kasama ng takip sa mukha. Pamprotekta sa ibang tao ang takip sa mukha mula sa mga patak na galing sa nagsusuot; ang face shield ay pamprotekta ng sumusuot para sa ibang patak.
- Mga empleyado ay dapat maghugas o magsanitize ng mga kamay bago at pagkatapos ayusin ang takip.
- Iwasan ng empleyado na hawakan ang mata, ilong at bibig.
- My utos ang mga na empleyadong hugasan ang pantakip sa mukha araw-araw.
- Gumagamit ng protective equipment, pati na rin ang proteksyon sa mga mata at gwantes pag kailangan sa serbisyo.
 - Maaring gumamit ng salamin, goggles o face shields karagdagan sa takip sa mukha habang nagseserbisyo
- Mga independent contractors at mge temporaryong mga trabahador ay na-train sa mga protocol na ito at mayroong mga takip sa mukha at mga personal protective equipment. Mga may-ari ng negosyo ay makikipagugnayan sa mga organisasyon na nag-susupply ng mga independent contractors at mga temporaryong mga trabahdor para pagusapan ang protocol na ito bago sila bumalik sa trabaho.
- Lahat ng workstation ay may agwat na di kukulang sa anim na talamapakan.
- Break rooms, banyo at iba pang mga pangkarawaniwang lugar ay palaging idinidisinfect sa sumusunod na iskedyul:
 - Break rooms _____
 - Banyo _____
 - Iba _____
- Ang mga break ay di sabay sabay nang maseguro na ang anim (6) na talamapakan na agwat sa bawat empleyado ay mapanatili sa break room sa lahat ng panahon.
- Ang establisimiyento ay sumusunod sa mga batayan ng Cal/OSHA para prebensyon ng heat illness para sa mga trabahador sa labas, kasama na ang plano ng prebensyon para sa heat illness na may mga nakasulat na mga hakbang. Basahin ang Cal/OSHA heat illness prevention page para sa mga resources, kasama na ang mga FAQ's, isang webinar at mga halimbawa ng isang plano. Mga nilalaman ng heat prevention plan ay ang mga sumusunod:

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Pagkuha ng tubig
- Pagpunta sa lilim
- Break para magpalamig
- Mga hakbang ng emerhensiya gawa ng kaso ng heat illness
- Pag-monitor ng mga empleyado na naninibago sa heat wave
- Training sa prebensyon ng heat illness at sintomas
- Hikayatin ang mga empleyado na nagtrabaho sa labas na gumamit ng sunblock at mag-alok ng break para mahikayat ang madalas na paglagay ng sunblock habang nagtrabaho.
- Subukang gumawa ng iskedyul na maiwasan magtrabaho ng empleyado sa pinakamaiinit na parte ng araw o gumawa ng iskedyul na mayroong madalas na breaks para nang di masyadong mainitan ang mga empleyado.
- Ang pagtrabaho sa labas ay naglilikha ng marami pang panganib tulad ng:
 - Ang rewiring at paggamit ng extension cords ay pwedeng magdulot ng mga panganib, tulad ng sunog at makoryente. Seguraduhin na ang mga operasyon sa labas ay sumusunod sa Cal/OSHA na mga codes at requirement. Basahin ang [Cal/OSHA's Guide to Electrical Safety](#) para sa karagadagang impormasyon.
 - Seguraduhing walang mapapatid sa mga kordon at gamit nan aka harang sa lugar ng trabaho.
 - Hikayatin ang paggamit ng sunblock ng mga empleyado at bigyan ng break para makapag-lagay ng sunblock.
 - Itigil ang operasyon, lumayo sa mga electrical wiring at equipment at pumasok sa loob kapag may kidlat sa inyong lugar na may layong 6 miles (tignan ang [FEMA "30/30 rule"](#)).
- Bawal mag salo-salo sa pagkain at inumin ang mga empleyado at hinihikayat na huwag magbigayan ng pagkain sa break room, pati narin ang paggamit coffee brewer na ginagamit ng lahat ng empleyado.
- May sapat na oras para maghugas ang mga empleyado ng kamay gamit ang sabon at tubig at dapat mag-scrub ng kamay sa loob ng 20 segundos (o gumamit ng hand sanitizer na may di kukulang ng 60% alcohol kung di makapunta sa lababo o hugasan).
- Mga empleyado ay bawal kumain o uminom maliban sa mga break room o kainan sa labas ng makaseguro na tama ang pagsuot ng mask.
- Disinfectant at mga ka-uring supplies ay handa para sa mga empleyado sa mga sumusunod na lugar o mga lugar:

-
- Mga trabahador na gumagamit ng cleaners of disinfectant ay nakasuot ng gwantes at protective equipment ayon sa instruksyon ng produkto.
 - Hand sanitizer na mabisa laban sa COVID-19 ay handa para sa mga empleyado sa sumusunod na lokasyon o mga lokasyon:

-
- Mga trabahador ay binigyan ng kanilang sariling mga gamit at sariling lugar ng trabaho. Hiramang gamit ay binawasan o tinanggal na.
 - Kopya ng protocol na ito ay nabigay na sa empleyado
 - Mga trabahador ay magsisilbi din bilang taga-turo, tagapag-pasunod sa mga instruksyon tungkol sa physical distancing at infection control.
 - Lahat ng mga patakaran na pinaliwanag sa checklist na ito bukod pa doon sa mga kaugnay sa

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

terms of employment ay para din sa mga staff ng delivery at iba pang mga taga ibang kompanya na maaring pumunta sa lugar ng trabaho bilang third party.

- Opysonal - Isalarawan:
-

B. MGA HAKBANG PARA MASEGURO ANG PHYSICAL DISTANCING

- Tiyakin ang physical distancing na di kukulang sa anim na talampakan ang agwat sa mga trabahador at kostomer pag naggugupit at iba pang malapitang serbisyo. Kasama dito ang partisyon o mga markang biswal (hal. marka sa sahig, tape na may kulay, o senyas na nagtuturo kung saan pwedeng tumayo ang kostomer at trabahador). **Ang kapasidad sa loob ay hinid lalampas sa 25% ng maximum na kakayahan para mampayagan ang sapat na espasyo para makapag-physical distance.** Maglagay ng panlabas na reception kung saan makakapag-check in ang kostomer habang sinusunod ang mga patnubay ng physical distancing. Mga harang tulad ng plexiglass ay gagamitin sa reception o iba pang lugar kung saan ang physical distancing ay di magagawa para mabawasan ang exposure sa kostomer at empleyado.
- Huwag sabay-sabay ang mga appointment bara mabawasan ang siksikan sa reception at ng masegurado ang sapat na panaho sa paglinis at sanitasyon sa awat pagbisita ng kostomer. Walang walk-in na pwedeng pumasok.
- Iwasan ang pagpila ng kostomer sa labas ng salon at tignan kung pwedeng maglagay ng tao sa pasukan ng panlabas na salon para mabantayan ang occupancy.
- Mga kostomer na tinawagan bago dumating para ikompirma ang appointment ay pinayuhan sa mga sumusunod:
 - Gumamit ng takip sa mukha, kung pwede yung may sabitan sa tenga, sa pagbisita.
 - Dumating ng hugas na ang buhok sa barbershop o sa salon.
 - Maghintay sa sasakyan hanggang sila tawagin para sa kanilang appointment.
 - Huwag magsama ng mga bata o ibang tao.
 - Kung appointment ay para sa bata maaaring maghintay sa loob ang magulang o ang bantay pero dapat ay may 6 talampakan na distansya at may takip sa mukha.
- Bawal tumanggap ng sabay sabay na mga kostomer (habang nagpapatuyo, ang isa ay gugupitan) Kompletihin muna serbisyo sa isa bago lumipat sa susunod kostomer.
- Gumamit ng virtual check-in technology kung posible para masabihan at malaman ng trabahador kung dumating na ang kostomer. **Mga kostomer ay maaaring maghintay sa kanilang sasakyan o sa labas sa halip na maghintay sa loob ng salon o barberya.** Mga kostomer naghihintay sa labas ay magpapanatili ng 6 talampakan mula sa ibang tao.
- May utos sa mga empleyado na magpanatili ng 6 talampakan mula sa ibang tao sa lugar ng trabaho kung posible.
- Mga workstations ng mga empleyado ay nakahiwalay na may 6 talampakan na agwat at ang mga karaniwang lugar ay inayos nang malimita ang pagtitipon para maseguro ang physical distancing na anim na talampakan.
- Iwasan ng mga empleyado ang kamayan, yakapan at mga pagbati na susuway sa physical distancing.
- Hindi hinihikayat na magkumpol-kumpulan ang mga empleyado sa lugar na ma-tao.
- Ang lulan ng mga restroom ng empleyado, break rooms at iba pang karaniwang lugar ay limitado para makapag-physical distancing. Isina-ayos ang mga sityo (tinanggal ang mga

PARA IREPORT ANG PAGLABAG

TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O

EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

upuan sa break rooms) para masagawa ang physical distancing.

- Ang workflow (daloy ng trabaho) ay pag-aaralan at babaguhin para mapayagan ang physical distancing kapag may pick up o delivery. Mga shelving bins, bulletin boards o iba pang bagay na ginagamit sa pagsalin ng ibang bagay ay inilagay para maiwasan ang personal na pagbigay ng mga pinamili.
- Mga staff meeting ay gagawin sa kwarto na pwedeng mag-physical distancing o sa telepono o webinar.

C. MGA HAKBANG PARA MASEGURO ANG PAGKONTROLA NG IMPEKSYON

- **Serbisyo ng salon ay maaaring gawin sa loob.** Kung ito ay magagawa, masugid na hinihikayat. Mga serbisyo ay maaari lamang gawin (1) sa labas ng isang establisimiyento na may lugar sa labas na salungat o katabi ng isang lisensyadong establisimiyento; (2) at madaling daanan ng may lisensya; at (3) sarado at sa ilalim ng pamamahala ng lisensyado. Mga panlabas na operasyon ay gagawin sa ilalim ng tolda, o iba pang mga sun shelter pero dapat ang tagiliran ay bukas nang dumaloy ang hangin. Mga serbisyong hindi ligtas gawin sa labas ay bawal hangga't walang pasabi na payagan muli na ipagpatuloy sa loob.
- Ang HVAC ay nasa mabuting kondisyon; nasa pinakamalakas na kakayahan, nilakasan ang bentilasyon. Subukang maglagay ng high-efficiency air cleaners, pahasayin ang mga air filters ng gusali at gumawa ng mga modipikasyon para madagdagan ang daloy ng hangin sa loob ng opisina at iba pang mga espasyo.
- Ang shade sa labas o trabahuhan sa labas ay dapat may parehong bentilasyon at daloy ng hangin sa labas. Ang mga lugar sa labas na may shade ay pwedeng ayusin para maharang ang hangin pero di maaaringisara o isara ng bahagya sa mahigit sa isang parte na makakapagpigil ng daloy ng hangin.
- Pag-check ng sintomas ay gagawin bago pumasok ang mga tao sa pasilidad. Kasama dito ang pag-check ng ubo, maikling pag-hinga, nahihirapang huminga, lagnat o chills. Ito ay maaaring gawin ng harapan o sa ibang paraan tulad ng on-line check in o sa mga nakapaskil na karatula sa pasukan na nagsasabi sa bisita na kapag mayroong ganitong mga sintomas ay dapat di pumasok sa loob. Kung ang kostomer ay may mga sintomas, nagkasakit o may nalapitan na may sakit, ipagpaliban ang appointment nang di kukulang sa 14 days sa hinaharap.
 - Dapat may mask ang screener at kostomer pag may screening.
- May bigay na disposable gloves para makadagdag sa madalas na paghugas ng kamay o paggamit ng hand sanitizer na may di kukulang sa 60% alcohol para sa mga gawain tulad ng mgadalas na pahawak sa mga bagay.
- Mga amenities tulad ng mga libro, magazine, kape, tubig, mga self-service stations at iba pang mga bagay para sa mga kostomers ay inalis na.
- Hand sanitizer, sanitizing wipes, tissue at mga basurahan ay nasa may reception at mga workstations para sa mga kostomer.
- May mga malinis na pantakip sa mukha para kung ang mask ay madumihan mayroong pamapalit. Kung posible, mayroon din mga masks para sa mga kostomer, kung ang sa kanila ay madumihan.
- Mga kostomer na dumadating ay pinapaalalahanan na magsuot ng takip sa mukha sa lahat ng oras (maliban kung kakain o iinom) habang na sa establisimiyento. Ito ay para sa lahat ng mga adultos at mga bata na 2 taon o mahigit. Ang mga tao lamang na pinagbawalan ng doktor na magsuot and hindi kasali sa patakarang ito. Para suportahan ang kaligtasan ng mga empleyado at bisita, ang takip sa mukha ay dapat handa para sa mga bisita na dadating na walang dala.
- Gamit ang gwantes sa mga serbisyong kailangan ito tulad ng chemical hair service. Ang

PARA IREPORT ANG PAGLABAG

TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O

EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

pagsuot ng gwantes ay kaakibat sa madalas na paghugas ng mga kamay.

- Isang empleyado sa bawat shift ay naatasan sa pagsagawa ng mga karagdagang sanitasyon at pag-disinfect, kung kinakailangan.
 - Isang plano ng paglinis at pag-disinfect ay binuo para matugonan ang mga sumusunod.
 - Mga mataong lugar, tulad ng reception, mga daanan, hagdanan at hawakan.
 - Mga karaniwang hinahawakang bagay (mesa, doorknob, hawakan, switch, telepono) ay dinidisinfect oras oras gamit ang mga aprobadong disinfectant nd EPA.
 - Lahat ng hawakan, hoses, spray nozzles, at iba pang mga gamit bago at pagkatapos gamitin sa kostomer
 - Silya, headrests, shampoo bowls, at iba pang mga bagay na ginagamit.
 - Lahat ng payment portals, credit card readers, pens at mga stylus pagkagamit.
 - Mga shears at iba pang tools na di electric ay nililinis at didisinfect sa pamamagitan ng pagalis ng baradong dumi, nililinis ng sabon at tubig at pinapatuyo. Ini-isprayan ito o pinupunasan o binababad sa isa EPA-registered na disinfectant na nagpapakita ng bactericidal, fungicidal at viricidal na aktibidad na aprobadong laban sa COVID-19. Ang mga tools ay hinahayaan muna sa loob ng oras ayon tagubilin ng manufacturer. Mga binabad na bagay tulad ng suklay o brush ay inaalish pagkatapos ng ilang pananon na kinakailangan, ito ay binabanlawan at pinapatuyo gamit ang paper towel o ng malinis na twalya.
 - Mga electrical tools, tulad ng clippers ay nililinis at didisinfect sa pamamagitan ng EPA-registered na disinfectant na nagpapatyal bilang bactericidal, fungicidal at viricidal na aktibidad na aprobadong laban sa COVID-19.
 - Mga workstations ay nililinis at didisinfect sa bawat kostomer.
 - Kasama ang rolling carts, dowers, mga salamin, produktong pambuhok at mga lalagyan.
 - Kung maaari gumamit ng mga paper cover, sheet, o malinis na twalya na madaling itapon pagkagamit ng mga kostomer.
 - Mga bagay na pangisahang gamit tulad ng disposable wax collars, bulak, neck strips at mga applicators ay itatapon pagkagamit. Mga samples ng produkto, gaya ng make-up ay di na maaaring gamitin muli.
 - Mga maruming linen, twalya, smocks, kapa, ay ilalagay sa isang lagayan na may takip at di gagamitin muli hanggang malabhan sa isang commercial laundering service o proseso na ibabad sa tubig na may 160° grado fahrenheit at di kukulang sa 25 minutos. Itabi ang mga malinis na linen sa isang malinis na taguan. Seguradohin na nakagwantes ang mga hahawak ng maruming linen o labada.
 - Ang buong pasilidad, kasama na ang mga lugar ng display ay nililinis at dinidisinfect mahigit isang beses sa isang araw.
 - Mga testers ay inalis at itinapon.
 - May sapat na oras ang mga empleyado na maglinis habang na sa kanilang shift. May mga gawain na paglilinis para sa mga oras ng operasyon na kasama sa kanilang mga tungkulin.
 - Ma restrooms at mga hugasan ay parating mayroong sabon, paper towels at toilet paper at madalan ang pagsanitize, gamit ang aprobadong EPA na disinfectant sa sumusunod na iskedyul.
-
- Walang mga di kailangang bagay sa restroom tulad ng kandila o mga beauty supplies.
 - Hands-free equipment ay inilagay sa mga lugar tulad ng restroom para mabawasan ang panganib ng kontaminasyon.
 - Ang HVAC ay nasa mabuting kondisyon; nasa pinakamalakas na kakayahan, nilakasan ang bentilasyon. Subukang maglagay ng high-efficiency air cleaners, pahusayin ang mga air filters ng gusali at gumawa ng mga modipikasyon para madagdagan ang daloy ng hangin sa loob ng

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**

salon o barbershop.

- Mga transaksyong walang cash ay hinihikayat. Kung maaari, hayaan ang kostomer na mag-swipe ng sariling nilang mga card, at ang mga card readers ay isanitize sa bawat paggamit. Kung hindi pwede ang electronic na paraan o card, pagbayarin ng eksaktong cash o cheke.
 - Opsyonal: Isalarawan ang mga ibang hakbang sa pagkontrol ng impeksyon:
-

D. MGA HAKBANG PARA SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- Ang kopya ng protokol na ito ay nakapaskil sa lahat ng pasukang pambuliko ng pasilidad.
- May karatula sa pasukan na nagsasabi na ang kostomer ay titignan kung may sintomas sa kanilang pagdating, hihilingin na gumamit ng hand sanitizer, at pasusutin ng takip sa mukha.
- Magpaskil sa pasukan na nagpapaalam sa mga empleyado at kostomer magpanatili ng anim na talampakan na distansya, gumamit ng sanitizer sa pagpasok, manatili sa bahay kapag may sakit o sintomas na parang COVID-19, at ipaalam ang mga pagbabago sa mga serbisyo. May karatula din nakikita, kasama sa pasukan, mga pictogram at pwede rin makita sa paraang digital tulad ng email.
- My mga karatula na pinapaalam sa kostomer ang arawang paglinis at pag-disinfect.
- Mga outlet sa online ng mga estableimyento (website, social media, atbp.) ay nagbibigay ng malinaw na ipormasyon hinggil sa oras, paggamit ng pantakip sa mukha, at mga patakaran para sa paggawa ng appointment, paghintay sa sasakayan, preorder, pag pickup at iba pang mahalagang mga bagay.

E. MGA HAKBANG NA NAGTITIYAK NG PANTAY-PANTAY NA AKSESO SA MG SERBISYONG KRITIKAL

- Mga serbisyo na kritikal sa kostomer ay binigyang prioridad.
- Transaksyon o serbisyo na pwedeng ialok sa malayo ay nailipat na on-line.
- Mga hakbang nay itinatag para matiyak ang akses sa mga bagaybagay at serbisyo para sa mga kostomer na may limitasyon ang paggalaw at/o mga nasa mataas na panganib na espasyong pampubliko.

Ano pa mang mga karagdagang mga hakbang na hindi naisali dito ay dapat ilita sa hiwalay ng mga pahina at ilakip sa dokumentong ito.

Maaari niyong kontakin ang sumusunod na tao sa anumang tanong o komento tungkol sa protokol na ito.

**Kontak Sa
Negosyo:**

Telepono:

**Petsa ng huling
Pagbabago:**

**PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV**